## APPLICATION

- Mayroon bang mga tao ngayon sa iglesya na nahihirapan kang pakitunguhan dahil sa kaibahan nila sa iyo? Paano ka makikipag-ugnayan sa kanila sa ibang pamamaraan simula ngayong linggo?
- Mayroon bang mga tao na hindi mo binahaginan ng ebanghelyo dahil sa iyong mga pagkiling at hindi magandang kaisipan laban sa kanila? Ipanalangin na makilala nila ang Diyos at hilingin sa Kanya na ihanda ang iyong puso para sa muling pakikipag-ugnayan sa kanila.
- Ang pagkakaisa sa iglesya ay nangangahulugan na tinatanggap ng mga mananampalataya ang isa't isa sa kabila ng kanilang mga pagkakaiba-iba. Ano ang isang praktikal na bagay na magagawa mo upang mapanatili ng mga mananampalataya ang pagkakaisa?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang makapangyarihang pagkilos sa iyong buhay. Ipanalangin na lagi mong panghahawakan ang katotohanan ng Kanyang kadakilaan, naiintindihan mo man o hindi ang Kanyang mga ginagawa.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga pagkiling at hindi magandang kaisipan na mayroon ka sa isang indibidwal o grupo ng tao. Hingin sa Diyos ang kakayahan na makita sila ayon sa Kanyang mga mata at makipag-ugnayan sa kanila ayon sa Kanyang awa at habag.
- Ipanalangin ang pagkakaisa sa iglesya. Ihayag na matutupad ang layunin ng Diyos habang isinasa-isang tabi ng Kanyang mamamayan ang kanilang pagkakaiba at sama-samang nagtutulungan.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

THE GOSPEL EXPLAINED

# Soberanya ng Diyos

WEEK 15

## WARM-UP

- Naranasan mo na bang hindi maisali sa mga ginagawa sa trabaho, paaralan, o laro? Ano ang naramdaman mo?
- Magkuwento tungkol sa isang panahon na hindi mo inaasahang isasali ka sa isang grupo o gawain. Ano ang nangyari?
- Naranasan mo na bang maging bahagi ng isang grupo kung saan ang mga miyembro ay naiiba sa iyo? Paano kayo nagkasundo-sundo?

## WORD

*Sapagkat sinabi niya kay Moises, "Mahahabag ako sa gusto kong kahabagan; maaawa ako sa gusto kong kaawaan."* **MGA TAGA-ROMA 9:15**

Maraming mga teolohikal na usapin ang namamagitan sa mga Kristiyano tungkol sa mga detalye sa Mga Taga-Roma 9 at 11. Hindi natin pag-uusapan ang mga kaisipang ito ngayon at sa halip ay itutuon natin ang ating pansin kung saan nagkakaroon ng pagkakasundo: ang pangunahin at pangkalahatang mensahe sa Mga Taga-Roma 9 at 11, at ito ay ang soberanya ng Diyos.

May dalawang uri ng mga Kristiyano sa Roma: ang mga mananampaalatayang Hudyo at mga hindi Hudyo. Ang mga mananampalatayang Hudyo ay nag-iisip na mas nakatataas sila dahil nasa kanila ang Kautusan, ang mga pangako, ang mga kasunduan, at ang angkan na nagdala sa atin kay Cristo. Ang mga mananampalatayang hindi Hudyo ay nag-iisip na mas nakatataas sila dahil karamihan sa mga Hudyo ay hindi tumanggap kay Cristo at ang karamihan sa mga mananampalataya sa Roma ay hindi Hudyo. Sumulat si Pablo upang iwasto ang pagkakawatak-watak na ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na parehong ginagamit ng Diyos ang mga Hudyo at hindi Hudyo upang isakatuparan ang Kanyang kalooban.

## 1 Ayon sa Kanyang soberanya, pinili ng Diyos na maging matapat sa Kanyang kasunduan sa Israel.

*[15]Sapagkat sinabi niya kay Moises, "Mahahabag ako sa gusto kong kahabagan; maaawa ako sa gusto kong kaawaan. [16]Kung ganoon, ang pagpili ng Diyos ay hindi batay sa kagustuhan ng tao o sa paggawa niya ng mabuti, kundi sa awa ng Diyos."*

**MGA TAGA-ROMA 9:15,16**

Ipinahayag ni Pablo sa kanyang liham sa Mga Taga-Roma ang paghihirap ng kanyang kalooban. Bagama't magaganda ang mga layunin at pangako ng Diyos para sa mga Israelita, ang karamihan sa kanila ay hindi tumanggap kay Jesus bilang kanilang Tagapagligtas. Sa kabila nito, ang mga pangako at layunin ng Diyos para sa mga Israelita ay hindi nabigo. Pinili ng Diyos ang mga Hudyo hindi dahil sa anumang ginawa nila kundi dahil tinawag Niya sila upang maging Kanyang mga mamamayan at makatanggap ng Kanyang habag. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang habag maging sa mga Hudyo na hindi tumanggap sa Kanya (Mga Taga-Roma 11:23). Tulad nito, ang pagtanggi ng tao kay Cristo o ang hindi nila pagtugon sa ebanghelyo ay hindi nangangahulugan na tinalikuran na sila ng Diyos. Paano makatutulong ang kaalaman tungkol sa habag ng Diyos upang mag-iba ang tingin mo sa mga taong mahirap pakisamahan at hindi tumatanggap sa ebanghelyo?

## 2 Ayon sa Kanyang soberanya, pinili ng Diyos na ipakita ang Kanyang habag sa mga hindi Hudyo.

*Ito ang sinabi ng Diyos sa aklat ni Hoseas: "Ang dating hindi ko mga tao ay tatawagin kong, 'Mga tao ko.' At ang dating hindi ko mahal ay mamahalin ko."* **MGA TAGA-ROMA 9:25**

Hindi ipinagsawalang-halaga ng Diyos ang mga hindi Hudyo na nanampalataya sa Kanya. Sa halip, pinili Niyang ipakita ang Kanyang habag sa mga taong hindi kabilang sa Kanyang orihinal na mga mamamayan. Tayo na hindi mga Hudyo ay maaaring magpasalamat dahil dito. Tulad ng pagsabi ng Diyos sa mga Hudyo na huwag ituring ang mga hindi Hudyo na "dayuhan" sa pananampalataya, sinasabihan Niya tayo ngayon na huwag ibukod ang sinuman na hindi ayon sa ating sariling hulmahan o pagkaunawa kung ano ba dapat ang ikinikilos ng isang Kristiyano. Sa Kanyang soberanya, tinatawag Niya ang lahat ng tao upang magkaroon ng ugnayan sa Kanya. Ayon sa Mga Taga-Filipo 2:3, paano natin dapat ituring ang iba?

## 3 Ayon sa Kanyang soberanya, pinili ng Diyos na pagsamahin ang mga Hudyo at mga hindi Hudyo.

*Sapagkat kung kayong mga sanga ng olibong ligaw ay naidugtong niya sa olibong inalagaan kahit na hindi ito kadalasang ginagawa, mas madaling idugtong muli ng Diyos ang mga sangang pinutol mula sa dating puno.* **MGA TAGA-ROMA 11:24**

Hindi lamang isinama ng Diyos ang mga Hudyo at ang mga hindi Hudyo sa Kanyang mga pinabanal, subalit pinagsama din Niya sila bilang isang mamamayan at isang katawan. Ginamit ni Pablo ang imahe ng mga punong olibo. Ang mga Hudyo ang mga natural na sanga ng Kanyang punong olibo na naputol dahil hindi sila naniwala. Ang mga hindi Hudyo ay mga sanga mula sa ibang punong olibo. Ang mga Hudyo at hindi Hudyo na nananalig sa Diyos ay parehong idinugtong ng Diyos sa Kanyang puno. Ngayon ay pareho na silang nakatatanggap ng buhay mula sa iisang pinagkukunan—si Jesu-Cristo. Dahil dito, hindi nila dapat ipagsawalang-halaga ang bawat isa kundi ay dapat silang magturingan na bahagi ng isa't isa. Ano ang sinasabi nito tungkol sa pakikisalamuha natin sa mga kapwa natin mananampalataya na ibang-iba sa atin?